Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-03 NG NOBYEMBRE, 2022 SA GANAP NA IKA–09:23 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

KGG. BELEN B. RAGA -----------*Pangalawang Punumbayan /Tagapangulo*
KGG. MA. ROMA R. TABLICO ----------- Kagawad
KGG. MODESTO B. ABADIER ----------- Kagawad
KGG. MARK ANTHONY L. LAGROSA ----------- Kagawad
KGG. IRENEO R. BALDOVINO ----------- Kagawad
KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO ----------- Kagawad
KGG. JOHN DEMBER A. DELOS REYES ----------- Kagawad
KGG. MGGL. JEROMME D. LACBAY ----------- Kagawad
KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. ----------- Kagawad
KGG. ARIEL D. AÑONUEVO ----------- Pangulo-LnB
KGG. DONNIE L. DE VENECIA ----------- Pangulo-SKF

**KAPASIYAHAN BLG 77 T. 2022**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY KGG. CYNTHIA A. VILLAR, SENADOR NG REPUBLIKA NG PILIPINAS NG TULONG PINANSIYAL NA NAGKAKAHALAGA NG SAMPUNG MILYONG (P 10,000,000.00) PISO PARA SA KONSTRUKSIYON NG FARM TO MARKET ROAD SA BARANGAY CONCEPCION LUMBAN, LAGUNA**

**Akda ni: Kgg. Geronimo P. Samonte Jr.**

**SAPAGKAT,** ang mga daang sakahan sa Barangay Concepcion na itinuturing na agricultural barangay ay wala pang maayos at kongkretong mga daan;

**SAPAGKAT**, ang pagkakaroon nang maayos na daan ay magpapabilis sa pagdadala ng mga aning palay, gulay at prutas mula sa sakahan patungo sa Pamilihang Bayan;

**SAPAGKAT**, ang kongkretong daan ay magpapa-angat din sa antas ng pamumuhay ng mga mamamayan na doon ay naninirahan;

**SAPAGKAT,** katungkulan ng mga opisyal ng pamahalaang lokal na maipagkaloob sa kanilang mga nasasakupan ang isang maayos at maunlad na pamayanan;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Geronimo P. Samonte Jr. na pinangalawahan ni Kgg. Modesto B. Abadier at sinang-ayunan ng lahat nang dumalo, ay;

**IPINASIYA,** tulad ng dito'y ginawang **PAGPAPASIYA,** na mapitagang hilingin kay Kgg. Cynthia A. Villar, Senador ng Republika ng Pilipinas, ng tulong pinansiyal na nagkakahalaga ng sampung milyong (P 10,000,000.00) piso para sa konstruksiyon ng farm to market road sa Barangay Concepcion Lumban, Laguna.

**IPINASIYA PA RIN,** ang pagpapadala ng sipi ng kapasiyahang ito sa tanggapan ng Kgg. Senador Cynthia Villar para sa kanilang kabatiran at pagsasaalang-alang.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-03 ng Nobyembre, 2022.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo :**

**BELEN B. RAGA**
*Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan*

**Pinagtibay :**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt110322res77*